"Good night, Kate!" paalam ng isang kaopisina ni Dr. Bernadine Kate Magno bago ito tuluyang umalis. Hindi na nito hinintay na mapansin niya ito dahil alam nitong hindi siya titingin dito lalo na't nakatungo siya sa isa sa mga bago niyang gadgets.

Itinulak niya ang salamin sa matang bumaba na naman sa kanyang ilong bago muling sinubukan ang audio transmitter na kanina lamang ay in-upgrade niya. Dapat hindi ito ma-detect ng ordinaryong bug sweeper lamang.

"Perfect!" masaya niyang saad nang dinaanan niya ng bug sweeper ang kanyang transmitter at hindi man lang iyon nagpakawala ng kahit anong ingay na nagsasaad na may natuklasan ito kahit pa nasa ilalim na nito mismo ang transmitter. Pinatay niya ang bug sweeper at parang sirang nginitian ang kanyang bagong gadget.

Itinulak niya ang kanyang silya patungo sa computer para i-note down ang progreso ng kanyang proyekto. Kung ipagpapabukas pa niya iyon, siguradong malilimutan na naman niya. Muli niyang itinulak pataas ang salamin patapat sa mga mata.

Isa sa mga researchers ng *CIA* si Kate. Hindi siya interesado sa mga field agents ng ahensya. Ang gusto niya ay ang mag-develop ng spy gadgets sa research and development lab. Malayo sa kanya ang mga espiya at operatives, at iyon mismo ang gusto niya. Ayaw niya ng gulo, ng away o panganib. Kaya nga siya lab rat, eh. Mas masaya siya sa loob ng laboratoryo, kasama ng mga

computers at electronics.

Nasa kalagitnaan siya ng report nang mamatay ang ilaw sa buong lab. Agad siyang nag-angat ng ulo lalo na nang magsimulang mag-ingay ang alarm sa buong building. Kulay pulang emergency lights lamang ang nakailaw at inabot niya ang awditibo ng telepono para tumawag sa security.

"This is Dr. Magno from R&D," sabi niya nang may sumagot sa telepono. "What's going on?"

"Ma'am," sabi ng guwardiya, "there was a reported breach in security at your floor."

"Security breach?" parang hindi makapaniwala niyang ulit.

"Please stay in the lab and lock the doors," patuloy ng guwardiya. "We'll have someone come and get you."

"All right," sabi niya bago ibinaba ang telepono. Security breach? Sa loob ng *CIA* headquarters na kulang na lang ay kailanganin nilang mag-donate ng dugo sa main door para makapasok? Umiiling siyang tumayo para i-lock ang mga pinto pero huli na ang lahat. Namilog ang kanyang mga mata sa likod ng suot na salamin nang makitang nasa loob na ng lab ang isang lalaki. Matangkad ito, puno ng karahasan ang guwapong mukha at may hawak na isang baril.

Mabilis itong lumapit sa kanya. Nagsimula siyang tumakbo pero naiyakap na nito sa kanyang balikat ang isang braso at

natakpan na nito ang kanyang bibig. Napasandal si Kate sa matipuno nitong dibdib.

"Shh!" saway ng lalaki. "Be quiet!"

*Be quiet?* isip niya. *Be quiet habang pinapatay mo ako? I don't think so.*

Nanlaban siya. Hindi siya blackbelter sa karate pero pinapakuha ng *CIA* ng rape-prevention classes ang mga babae sa kanilang ahensiya kung kaya hindi siya helpless. Mariin niyang tinapakan ang isang paa ng lalaki.

Napamura ito pero hindi siya binitawan. Inangat pa siya nito mula sa sahig kaya nagpumiglas siya. "Anak ng pating, sabi nang manahimik!"

Filipino ba ito?

Bumukas ang mga ilaw sa corridor at nagpumilit siyang sumigaw kahit pa puro hangin at mahihinang ungol lang ang naririnig mula sa kanya. Sumilip ang lalaki mula sa likuran ng mesa bago siya hinila palapit sa fire exit ng lab. Nagkandadulas-dulas si Kate pero hindi siya hinayaang makalayo ng lalaki kung kaya patalikod siyang naglakad.

Itinulak nito pabukas ang pinto ng fire exit at nang magsara iyon sa likuran nila, saka lang nito binitawan ang kanyang bibig pero mahigpit na hinawakan ang kanyang braso.

"Let go of me!" sigaw niya pero mas humigpit pa ang

pagkakahawak nito sa kanya.

"Nasaan ang kotse mo?" tanong ng lalaki habang kinakaladkad siya pababa ng hagdanan ng gusali.

"What?" Hinawakan niya ang balustre at sinubukang kumapit doon para hindi na siya mahila ng lalaki.

"Nasaan ang kotse mo?" ulit nito. Nakita nito ang kanyang ginawa; hinawakan nito ang kanyang pupulsuhan. Hindi niya alam kung pressure point ba ang hinawakan nito pero napasigaw si Kate sa sakit na nadama roon at mabilis na nakabitaw. Muli siyang kinaladkad ng lalaki at napilitan siyang maglakad pababa kasunod nito kung ayaw niyang mahulog sa hagdanan.

"I don't understand—"

Binalingan siya nito. "Naiintindihan mo ako," sabi ng lalaki. "Filipino ka rin."

"Ano'ng kailangan mo sa kotse ko?" tanong niya nang makalabas sila sa parking garage. Pilit pa rin niyang hinihila ang kanyang braso pero alam niyang hindi siya makakatakas. Ang sigurado lang niya ay namumuo na ang mga pasa roon.

At kung bitawan man siya ng lalaki, saan siya tatakbo? May hawak itong baril.

Hindi siya sinagot ng estranghero, pero inikot nito ang paningin sa mga kotseng nakaparada sa parking area. Ano siya, baliw? Bakit niya sasabihin dito kung nasaan ang kotse niya?

Muli siyang kinaladkad ng lalaki at nagulat siya nang dalhin siya nito sa mismong sasakyan niya.

“Keys,” utos nito.

Namilog ang mga mata ni Kate. “Ano ko, sira?” sigaw niya. “This is kidnapping!”

“Hindi kita kini-kidnap, ano.” Binitawan siya nito para simulang trabahuhin ang pagbubukas ng pinto ng kanyang *Honda Civic*. Hindi na siya nag-isip. Tumakbo siya. Hindi niya alam kung hinabol ba siya nito. Masyadong malakas ang dagundong ng puso niya para marinig ang mga yabag nito.

May nakita siyang lalaking lumabas mula sa fire exit at isa pang lalaking papasok mula sa entrance ng parking garage. Pero imbis na manghingi ng saklolo sa mga ito, mabilis siyang huminto sa pagtakbo. Pawang may dalang *Uzi* ang dalawang lalaki.

Bumagal ang oras. Parang nakita niyang nag-flashback na ang buo niyang buhay sa harap ng kanyang mga mata lalo na nang iangat ng dalawang lalaki ang mga baril.

“Get down!” sabi ng lalaki mula sa kanyang likuran at hindi na siya nagdalawang-isip. Dumapa si Kate at sumigaw nang pumutok ang mga baril.

“Diyos ko po!” dasal na lamang niya habang nakatungo, nakapatong sa ulo ang mga kamay na para bang mapoprotektahan siya ng mga iyon sa bala. Malalakas ang putok ng mga baril at

dinig niya ang daing ng mga tinamaan ng bala.

Biglang may humablot sa kanyang braso at hinila siya patayo. Ito ang lalaking kumidnap sa kanya mula sa laboratoryo. Mabilis siya nitong hinila pabalik ng kotse, pero napasinghap na siya nang makita ang dalawang duguang katawang nakahandusay sa kalye.

"Get in," utos nito bago siya itinulak papasok sa passenger's seat ng kanyang kotse. Hindi na niya alam ang nangyayari. Hindi na siya makapag-isip. Nakatingin pa rin siya sa mga nakahandusay sa kalye nang sumakay ang lalaki sa driver side ng kanyang *Civic*. May hinila itong mga wires mula sa ilalim ng manibela at nakita niyang nag-spark ang mga iyon nang pagdikitin ng lalaki. Nabuhay ang makina at mabilis na pinaandar ng kidnapper niya ang sasakyan. Humarurot iyon palabas ng parking garage at mabilis na rumagasa sa kalye.